MAKIISA SA MGA MAMAMAYAN NG PALESTINE! ISRAEL, WAKASAN ANG PAMAMASLANG!

Ang hidwaan sa pagitan ng Israel at Palestine ay tunggalian ng lupa at teritoryo sa kaibuturan. Mahigit isang siglo na ang nakalilipas nang magsimula ang hidwaan na ito, partikular sa kung sino ang may karapatang mamalagi sa lupain sa pagitan ng Jordan River at Mediterranean Sea. Ang hatian ng teritoryo sa pagitan ng Israel (ang nag-iisang estadong Hudyo sa mundo) at Palestine (ang estadong Arabong nakatira sa lupa na ngayon ay sinasakop ng kasalukuyang Israel) ay bunga ng mga giyerang inilunsad noong 1948 at 1967 na nag-uugat sa tinatawag na Nakba, o “catastrophe” — ang paglilinis-lahi ng mga Zionist Israeli sa mga Palestino at pagkawasak ng lipunang Palestine. Libo-libo na ang nasawi sa tunggalian ng teritoryo na kamakailan lamang ay mas lalong umigting.

Noong Oktubre 7, 2023, inatake ang Israel ng Hamas, isang militanteng grupo mula Palestine na naglalayon nang pagpapalaya ng Palestine mula sa okupasyon ng Israel. Mahigit kumulang 1,200 Israeli ang namatay sa pag-atake na ito. Bilang pagganti, nagdeklara nang pagpapatindi at pagtaas sa antas ng giyera ang Israel at karimarimarim na binomba ang Gaza (bahagi ng kakarampot na natirang teritoryo ng Palestine), na siyang pumatay ng halos 11,200 na sibilyanong Palestino, karamihan ay mga bata. Mahigit 1 milyon na Palestino din ang nahalinhan at napuwersang lumikas sa kanilang tirahan. Sa loob lamang ng isang linggo, mula Oktubre 7-12, nagpakawala ng mahigit 6,000 na bomba ang Israel sa mga Palestino, mas marami pa kumpara sa mga bombang binagsak ng US sa isang taong giyera nito sa Afghanistan, na tumagal nang 20 na taon.



Sa kasalukuyan, kumakaharap ang teritoryong Palestino ng Gaza ng complete siege, kung saan pinupuntirya ang mga imprastrakturang sibilyan tulad ng mga ospital at eskuwelahan — malinaw na war crime sa ilalim ng pandaigdigang batas. Hinaharangan din ng Israel ang pagpasok ng pagkain, tubig, gasolina, at medisina sa 2.3 milyong bihag na Palestino, na ang kalahating populasyon ay mga bata.

Ang pag-atake ngayon sa Gaza ay hindi isang natatanging pangyayari, bagkus, ito ay malalim na nakaugat sa nagpapatuloy na kolonisasyon, ilegal na okupasyon, sistematikong kawalang-katarungan, at makasaysayang panlulupig sa Palestine ng Israel, isang estadong apertheid. Kung saan ang mga Palestino sa loob ng sinasakop na teritoryo ng Israel ay walang karapatang bumoto, pinapatay, at tinatanggalan ng marami pang karapatan.

Sa kabila ng lahat ng ito, naninindigan pa rin ang mga mayayamang bansa, tulad ng US at UK, sa pagsuporta sa Israel, na paulit-ulit binabalewala ang international humanitarian law, ang panawagang magkaroon ng “ceasefire” na naglalayong matigil ang karahasan at pagpatay, at mga prinsipyo ng karapatang pantao na isinasaad ang proteksyon ng mga sibilyan sa gitna ng giyera.

PAGBABALIK-TANAW SA KASAYSAYAN:

1940s - Dahil sa umiigting na anti-semitismo sa Europa, nagsimula na kumubli ang mga Hudyo sa estado ng Palestine, na karamihan ng mga namamalagi ay Arabo.

1947 - Sa pagkawakas ng Holocaust, agad na ipinanukala ng United Nations na hatiin ang Palestine sa dalawang estado—isang estadong Hudyo at isang Arabo. Karamihan sa mga Hudyo ay sinuportahan ang panukalang ito, samantala ang mga Arabo naman ay tumutol.

1948 - Idineklara ng mga Zionists — mga ipinaglalaban ang pagtatag ng isang estadong Hudyo sa tinubuang-lupa ng kanilang mga ninuno—ang estado ng Israel para sa mga Hudyo. Subalit, kasabay nito ang marahas na pagpapalayas at paghalinhan sa mga Palestino sa kanilang teritoryo. Ito ay binansagan nilang Nakba. Mahigit 750,000 na mga Palestino ang pinalayas at inagawan ng lupa ng mga Zionist Israelis. Bilang paghihiganti, sinalakay ng mga kalapit na bansang Arabo ang Israel upang bawiin ang kanilang teritoryo. Ang pagsalakay na ito ang nagbunsod nang simula ng Unang Giyera sa pagitan ng dalawang panig.

1949 - Nagwakas ang unang giyera sa pagpirma ng Armistice Agreement. Subalit, nagsimula namang magpalawak ng teritoryo ang Israel labag sa napagkasunduang sakop ayon sa UN, at libo-libong mga Palestinian ang pinalayas at nahalinhan sa kanilang tirahan.

1964 - Inorganisa at binuo ang Palestinian Liberation Organization na may layunin na makapagtamo ng kasarinlan at pagkabuwag ng Israel. Kinalaunan, ang organisasyon ay kumapit sa armadong pakikibaka laban sa Israel upang maisulong nito ang hinahangad na layunin.

1967 - Pumutok naman ang Ikalawang Giyera sa pagitan ng mga Arabo at mga Hudyo noong 1967, na tumagal lamang ng anim na araw. Mula sa digmaang ito ay muling napalawak ng Israel ang kanilang teritoryo sa matagumpay na pagkuha nito ng West Bank, Gaza Strip, Golan Heights, at Sinai Peninsula, na siyang nagpaigting ng poot at pagtanggi ng mga Arabo sa Israel.

1990 - Malawakang protesta ng mga Palestino laban sa Israel para sa pamamahala ng Gaza Strip at West Bank. Sa mga pagkilos na ito ay nabuo ang Hamas.

ANG ATING PANAWAGAN:

Tayo ay kasama ng maraming kilusan sa buong daigdig na sumusuporta nang buong puso sa mga mamamayan ng Palestina sa kanilang panawagang agarang pagtigil ng putukan at pagwakas sa pagsakop sa kanila. Sa harap ng patuloy na karahasan at nakapangingilabot na paglabag sa karapatang pantao sa Gaza ng estado ng Israel, tayo ay nananawagan upang agarang maipatupad ang mga sumusunod:

1. Kagyat na Pagtigil Putukan (Ceasefire) at Pagtigil sa Ilegal na Panghaharang: Suportahan natin ang mga panawagan ng Ceasefire - na panawagan din ng United Nations at mga organisasyong pang-kawanggawa at karapatang pantao para sa agarang tigil-putukan sa Gaza. Dapat agarang palayain nang walang kondisyon ang mga bihag at bigyan ng mabilis at walang panghaharang na maganap sa paghahatid ng mga gamot, mga kagamitang medikal, pagkain, at tubig na matinding kinakailangan ng mga sibilyan sa Gaza.

2. Tigilan ang War Crimes: Ang Israel ay dapat managot sa kanilang mga aksyon na lumalabag sa batas pandaigdig, kabilang ang mga pagatake sa ospital, sapilitang paglikas, at taun-taong ilegal na panghaharang sa Gaza.

3. Wakasan ang Impunity: Dapat managot lahat ng responsable sa mga aksyon at krimen sa digmaan, kabilang ang estado ng Israel. Lahat ng mga sibilyang bihag , kabilang ang libu-libong politikal na bilanggo na Palestino na walang kasong isinampa o paglilitis, ay dapat palayain. Dapat ding itigil na ng mga malalakas na bansa sa kanluran ang pagsuporta at pagpondo sa Israel, kasama na ang pagtigil ng pagbebenta ng armas sa Israel, lalung-lalo na sa konteksto ng paglabag sa karapatang pantao. Hindi dapat bigyang-pansin ang mga pulitikal na alyansa kumpara sa mga buhay ng mga tao.

4. Wakasan ang Apartheid at Pagsakop, Palayain ang Palestine: Suportahan natin ang pansariling-kasarinlan ng mga Palestino. Kami ay nananawagan sa Israel upang tapusin ang kanilang sistemang apartheid at itaguyod ang right of return at kabayaran sa mga Palestino. Manawagan tayo sa internasyonal na komunidad na sang ayunan at panindigan na ang mga resolusyon ng United Nations para sa isang ligtas, may siguridad, at makatarungan na estado ng Palestine kaagapay ng estado ng Israel.

5. Tigilan ang Racism, Islamophobia at Anti-Semitism: Nakikiisa kami sa aming mga kasamahan sa komunidad ng mga Hudyo at Muslim na kinakaharap ang pagtaas ng mga racistang atake. Ang mga ganitong karahasan ay dapat itigil at pigilang umusbong at tiyakin ang kaligtasan at proteksyon ng lahat ng mamamayan, anuman ang kanilang relihiyon o kultura.

SUMAMA SA PAKIKIISA KONTRA PAGPASLANG AT PANDARAMBONG NG ISRAEL SA MGA PALESTINO! CEASEFIRE NGAYON NA!